# HANDA ka na ba?

Tumatama ang ilang mga sakuna nang walang anumang babala. Naisip mo na ba ang mga supply na pinakakakailanganin mo? Karaniwan sila ay ang pinakamahirap mahanap. Magpatulong sa mga anak mong kumalap ng mga supply para sa emergency kit ng inyong pamilya. Luluwag ang pakiramdam mo at mabibigyan ang mga anak mo ng pakiramdam na nabigyan sila ng lakas.

Tiyakin na may sapat kang mga supply na magtatagal nang hindi bababa sa tatlong araw. Isipin ang tinitirhan mo at mga pangangailangan niyo. Isaalang-alang ang pagkakaroon ng malaking kit sa bahay, at mas maliit na nadadalang kit sa kotse o sa iyong lugar ng trabaho.

## Kung may paparating na malaking bagyo...

- ✔ Punan ng gas ang kotse mo
- ✔ Punan ang mga plastik bag ng tubig at ilagay ito sa freezer
- ✔ Kumuha ng ekstrang pera mula sa bangko
- ✔ Punan ang mga reseta

## Listahan ng Emergency na Supply

- ☐ 3-araw ng supply ng hindi masisirang pagkain (tuyong prutas, de-latang tuna na isda, peanut butter, atbp.)
- ☐ Abrelata
- ☐ Mga paper plate, plastic cup at kubiyertos at tisyu
- ☐ Mga moist towelette, bag para sa basura at mga plastic na pantali para sa personal na kalinisan
- ☐ Tubig – hindi bababa sa isang galon bawat tao, bawat araw para inumin at panlinis ng katawan
- ☐ First aid kit
- ☐ De-resetang gamot at salamin
- ☐ Sleeping bag o mainit na kumot para sa lahat ng miyembro ng pamilya mo
- ☐ Pamalit na damit para sa 3 araw, kasama ang matibay na sapatos; isaalang-alang ang panahon kung saan ka nakatira
- ☐ Mga posporo na nasa waterproof na lalagyan
- ☐ Sipilyo, toothpaste, sabon at iba pang mga personal na bagay
- ☐ Mga supply para sa kalinisan ng katawan ng babae
- ☐ Pamatay sunog
- ☐ Liyabe o pliers para maisara ang mga utility
- ☐ Maskara para sa alikabok at plastik na sheet at duct tape, upang makatulong na salain ang kontaminadong hangin
- ☐ Radyo na de-baterya o hand-cranked na may mga ekstrang baterya
- ☐ Mga flashlight at mga ekstrang baterya
- ☐ Cell phone na may charger, ekstrang baterya at solar charger
- ☐ Pito pangsenyas ng tulong
- ☐ Pambahay na chlorine bleach at medicine dropper (kapag hinalo sa siyam na bahaging tubig sa isang bahaging bleach, ang bleach ay maaaring gamitin bilang disinfectant. O sa emergency, magagamit mo itong panggamot ng tubig sa pamamagitan ng paggamit ng 16 na patak ng regular na pambahay na likidong bleach sa bawat galon ng tubig. Huwag gumait ng mabango, color safe o mga bleach sa mga dinagdag na panlinis.)
- ☐ Mga lokal na mapa
- ☐ Cash o traveler's checks
- ☐ Sangguniang materyales para sa emergency katulad ng libro para sa paunang lunas o impormasyon mula sa www.ready.gov
- ☐ Mga mahahalagang dokumento ng pamilya katulad ng mga kopya ng mga insurance policy, ID, at mga record sa bangko sa isang waterproof na madadalang lalagyan
- ☐ Mga supply para sa alagang hayop
- ☐ Infant formula at mga lampin
- ☐ Papel at lapis
- ☐ Mga libro, games o palaisipan (hayaan ang mga anak mong pumili nito!)
- ☐ Ang paboritong stuffed toy o kumot ng anak mo
- ☐ Pagkain ng alagang hayop at ekstrang tubig para sa iyong alagang hayop

***Huwag kalimutang isipin ang mga sanggol, matatanda, mga alagang hayop, o sinumang miyembro ng pamilyan na may espesyal na pangangailangan!***

BE A HERO!™

MAGING BAYANI !

http://www.ready.gov/kids